# Balitang Manmin

BILANG 114 AGOSTO 17, 2014


# “Mahiwaga at Maganda! Damang-dama ang Presensya ng Diyos!”

## – ang pangako at kalooban ng Diyos, ipinahayag sa mga bahaghari –

Sa Biblia, nakita ang bahaghari noong panahon ng baha ni Noe. Nakasulat sa Genesis 9:13, “Inilagay Ko ang Aking bahaghari sa ulap, at ito ay magiging tanda ng tipan Ko at ng lupa.” Ito ay pangako ng Diyos na hindi na Niya sisirain ang mundo sa pamamagitan ng baha. Higit pa dito, ipinapakita na ang pagkilos ng Diyos na Espiritu ay pwede ring mangyari sa makalamang kaharian at namumuno Siya sa lahat ng bagay sa makalamang mundo ayon sa plano Niya.


Sa Apocalipsis 4:3, “At ang nakaupo doon ay may anyong katulad ng batong jaspe at sardio, at naliligid ang trono ng isang bahaghari na tulad ng esmeralda,” sinasabing may bahaghari na nakapalibot sa trono ng Diyos. Nagpapakita ang Diyos ng bahaghari bilang tanda ng pangako sa pagitan Niya at ng mundo, parang dalawang taong pumirma ng garantiya ng pangako nila sa isa’t isa. Samakatwid, kapag may nakitang kamangha-mangha at kakaibang mga bahaghari na hindi maiipaliwanag ng siyensya o ng kaalaman ng tao, maaaring dapat pag-isipang mabuti kung bakit nagpapakita ang mga ito.

### Iba sa mga ordinaryong bahaghari ang nakita pagkatapos umulan

Ang bahaghari ay hindi pangkaraniwang bagay na nakikita sa kalangitan. Nabubuo ito dahil sa mga patak ng tubig na nasa kalangitan at naliliwanagan ng araw, mayroon itong iba’t ibang kulay. Ang mga bahaghari ay pwede ring makita sa kalangitang nakaharap sa araw. Sa kasalukuyan, mahirap ng makakita ng bahaghari sa South Korea dahil napakarumi na ng hangin.

Gayon pa man, patuloy na nakakakita ng bahaghari sa ibabaw ng mga sangay na iglesya ng Manmin at sa malaking iglesya sa loob at labas ng Korea, lalo na kung may mga okasyon at kung may mga gawain sa labas tulad ng retreat sa tag-init. Noong May 15, 1998, nakakita ng pabilog na bahaghari ang grupong pang-misyon habang nasa biyahe sila, nakapalibot ito sa araw sa ibabaw ng malaking iglesya.

1



Fuji SLP800

2



Nikon D2X, Fisheye 10.5mm, 1/250, f/11, ISO 100

3



Nikon D2X, Fisheye 10.5mm, 1/1000, f/13, ISO 200

### Pabilog na bahaghari na nakapalibot sa araw at iba pang hindi pangkaraniwang bahaghari

Noong Agosto 2000, nagpakita ang Diyos sa Manmin ng apat na bahaghari, nasa gitna nito ang araw. Kapag nagpapakita ang Diyos ng pabilog na bahaghari, gusto Niyang sabihing ‘Ako at ikaw, at ang mga kababayan mo ay nagkakaisa sa katotohanan.’ Indikasyon din ito ng pangako Niya na gagawin tayong mga anak at gagabayan para makasama Siya ayon sa kalooban Niya. Ang doble at tripleng pabilog na bahaghari ay nagpapakita sa atin na nahahati ang kalangitan sa ilang mga langit. Ang dobleng pabilog na bahaghari ay ipinakita sa pangalawang langit at ang tripleng pabilog na bahaghari sa pangatlong langit. Sa madaling salita, kung sabay-sabay nagkaroon ng bahaghari sa una, pangalawa, at pangatlong langit, ang makikita natin ay tatlong bahaghari. Makakakita tayo ng apat na bahaghari kapag binuksan ng Diyos ang pang-apat na langit kung saan nananahan ang Diyos na Pinagmulan.

Noong Abril 2003, ang pabilog na bahaghari na nakita noong biyaheng pang-misyon sa Dubai ay may kahulugan na ‘ang lahat ng bagay ay matutupad ayon sa kapangyarihan ng Diyos Ama’. Ibig sabihin, lahat ay naaayon sa pagkilos ng Diyos na may Tatlong Persona (litrato 1).

Noong taong 2006, habang nasa eroplano ang grupo papunta sa D.R. Congo para sa krusada ng pagkakaisa, may nakitang napakagandang bahaghari (litrato 2). Pabilog ito at may hugis arkong bahaghari sa ibabaw nito. May liwanag na lumalabas sa magkabilang tabi nito at sa ibabang bahagi ng pabilog na bahaghari.

### Hugis sing-sing na bahaghari – pangakong natupad

Noong Abril 2010, namangha ang mga miyembro at mga residente sa paligid ng iglesya nang may nakitang hugis sing-sing na bahaghari sa ibabaw ng krus na nasa tore ng simbahan (litrato 3). Sinisimbulo nito ang katuparan ng kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan na naipahayag sa liblib na bahagi ng mundo. Ito rin ay katuparan ng mga plano ng Diyos para sa katapusan ng mundo, kasama na dito ang Santuwaryo ng Canaan at ang Pinakamalaking Santuwaryo.

Noong Enero 2011, may malalaking bahagharing nakita sa ibabaw ng lugar ng Muan Sweet Water (litrato 4). Mayroong nakapalibot sa araw at may parang mga pakpak sa magkabilang tabi, may nakapalibot sa isa pang bahaghari. Sa ibabaw nito ay may hugis pamaypay. Ang lugar ng Muan Sweet Water ay nasa Muan Manmin Church sa Jeonam. Naging tubig na maaaring inumin ang tubig na maalat dahil sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee, tulad ng mapait na tubig ng Mara (Exodo 15:25).

Noong Hunyo 2014, sa biyaheng pang-misyon ni Rev. Soonjin Lee, may nakitang iba’t ibang bahaghari ang mga miyembro ng grupo. May dalawang magkapatong na medyo pabilog, may pabilog, at may papahaba. Noong Hunyo 30-Hulyo 2, 2014, habang idinadaos ang kumperensya para sa mga lider, may nakitang mga bahaghari. Damang-dama ng mga miyembro ang pag-ibig ng Diyos na palaging kasama ng Manmin.

4



Nikon D80, Fisheye 10.5mm, 1/500, f/11, ISO 200














# Ang Taong Matuwid ay Mabubuhay sa Pananampalataya



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Sapagkat dito ang katuwiran ng Diyos ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya; gaya ng nasusulat, 'Ngunit ang taong matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya'" (Mga Taga-Roma 1:17).

•••

Kadalasan, sinasabing matuwid ang taong tumutulong sa mga napabayaan tulad ng mga ulila at mga balo. At ipinapalagay na 'hindi na kailangan ng batas' ng isang taong napapanatiling magmukhang maamo, sumusunod sa tuntunin, nagtitiis sa bawat situwasyon at hindi umiinit ang ulo.

Gayon pa man, ang taong matuwid sa paningin ng Diyos ay iba sa matuwid sa paningin ng makamundong tao. Ito'y dahil sinusuri ng Diyos ang kalooban ng tao at hindi ang panlabas na anyo. Anong klaseng tao ang kinikilalang matuwid ng Diyos?

### 1. Ang matuwid na taong tinatanggap ng Diyos

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang mga lumalakad sa daan ng Diyos (Hoseas 14:9) o lumalakad ng walang kapintasan sa lahat ng mga alituntunin at patakaran ng PANGINOON ay matuwid (Lucas 1:6). Pero ayon sa Mga Taga-Roma 3:10, "Walang matuwid, wala, wala, kahit isa," dahil minamana ng mga tao ang makasalanang likas sa mga magulang nila pagkapanganak pa lang. Kahit magsikap pa silang maging matuwid, mayroon na silang orihinal na kasalanan, at patuloy silang nagkakasala habang lumalaki. Kaya walang pwedeng magsabing matuwid sila.

Si Jesus, na nabuhay sa anyo ng Diyos, ay dumating sa mundo at nagkatawang tao para tubusin tayo mula sa mga kasalanan natin. Pinako Siya sa krus para sa atin, dumanak ang dugo, namatay, at muling nabuhay. Kapag nagtiwala tayo na si Jesus ang Tagapagligtas, tatanggap tayo ng kapatawaran mula sa mga kasalanan, at kikilalaning matuwid. Tatanggapin natin ang Banal na Espiritu bilang handog para tulungan tayong maunawaan kung ano ang kasalanan, katuwiran, at paghatol. Pwede rin nating itakwil ang mga kasalanan at kumilos ng may katuwiran, at kung mangyayari ito, magiging matuwid tayo, magiging karapat-dapat tayo sa pagtanggap ng Diyos.

Samakatwid, napakahalaga para sa mga Cristiano na iwaksi ang mga kasalanan at kasamaan at tuparin ang matuwid na kalooban. Noong panahon ng Lumang Tipan, bago dumating sa mundo si Jesus, hindi maiwaksi ng mga tao ang makasalanang likas mula sa puso nila. Hindi ipinapalagay na pagkakasala sila hangga't hindi nila isinasagawa ang kasalanan. Pero ang kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa ay hindi perpekto, kaya ipinadala ng Diyos ang Banal na Espiritu sa mga tumanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas bilang handog sa panahon ng Bagong Tipan.

Kung tatangis tayo sa pananalangin, at magsisikap na iwaksi ang mga kasalanan hanggang sa dumanak ang dugo, ang pagpapala at kalakasan ng Diyos at tulong ng Banal na Espiritu ay makakamit. Lubos nating maiiwaksi ang lahat ng klase ng kasamaan. Kapag iwinaksi natin ang lahat ng klaseng kasalanan at mapabanal, magiging matuwid tayo, mamahalin at tatanggapin tayo ng Diyos, tatanggapin natin ang mga kasagutang hinihiling natin, at tatamasahin natin ang awtoridad at biyaya bilang mga anak Niya.

### 2. Hanggang sa maging matuwid tayo, karapat-dapat na tumanggap ng mga biyaya ng Diyos

Gaya ng sinasabi ng Mga Taga-Roma 6:23, "Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan," ang mga makasalanan ay pag-aari ni Satanas, at wala silang magagawa kundi pumunta sa daan ng pagkawasak. Pero kung tatalikuran nila ang mga kasalanan nila, maliligtas sila, hindi sila mamamatay. Higit pa rito, kung magiging matuwid sila at kikilalanin ng Diyos, walang karamdamang dadating sa kanila dahil ni hindi makakalapit sa kanila si Satanas. Mananagana sila sa lahat ng bagay, magiging malusog, habang sumasagana ang mga kaluluwa nila.

Para maging matuwid, pakinggan nating mabuti ang Salita ng Diyos at sundin ang lahat ng utos Niya na nagsasabi sa atin ng 'gawin', 'huwag gawin', 'iwaksi', at 'sundin'. Dapat din tayong dumaan sa mga pagsubok hanggang sa maging matuwid, sapat para tanggapin ang mga biyaya ng Diyos. Parang mga manlalaro na dumadaan sa matinding pagsasanay para mapanalunan ang gintong medalya sa palaro.

Sinasabi sa Biblia na niloloob ng Diyos na dumaan sa pagsubok ang minamahal na mga anak Niya. Ang mga pagsubok na ito ay kaya nilang tiisin at sa pamamagitan nito dinadala Niya sa mabuting kalagayan ang mga kaluluwa nila. Ginabayan mismo ng Diyos si Abraham, ang ama ng pananampalataya, at sinubukan ito. Pinalayo Niya ito sa kanyang bansa, sa mga kamag-anak, at sa tahanan ng kanyang ama nang walang nalalaman kung saan siya patungo. Sinanay at tinuruan siya ng Diyos hanggang mawala ang bahid niya, maging matuwid, at katanggap-tanggap. Nakasulat sa Genesis 17:1, "Lumakad ka sa harapan ko, at maging walang kapintasan". Sa bandang huli, naipasa ni Abraham ang pagsubok nang ialay niya ang tanging anak niyang si Isaac bilang handog na susunugin. Pagkatapos, tumanggap siya ng mga pagpapala sa lahat ng bagay at tumamasa ng kasaganahan.

Niloloob ng Diyos na dumaan tayo sa mga pagsubok para sa paglago ng espiritu natin. Ibig sabihin, dinadala Niya tayo sa daan patungo sa mga pagpapala. Dinadala Niya tayo sa pagiging matuwid. Pagkatapos nating ipasa ang mga pagsubok na pinayagan ng Diyos, bibigyan Niya tayo ng mga biyaya at mas malaking pananampalataya. Mauunawaan natin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng mga ito, magiging perpekto tayo at matutularan ang kalooban Niya.

### 3. Para maging matuwid, dapat tayong magkaroon ng espirituwal na pananampalataya

Mababasa sa Mga Taga-Roma 1:17, "Ngunit ang taong matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Ang sinasabing 'pananampalataya' dito ay espirituwal, pananampalatayang buhay. Sa pananampalatayang ito magtitiwala tayo sa paglikha mula sa wala. Maniniwala tayo sa paraang ito kapag binubuwag natin ang mga makalaman na saloobin at hindi gagamitin ang sariling kalooban at kaalaman sa pakikinig sa Salita ng Diyos. Dahil sa espirituwal na pananampalataya, magagawa nating sundin ang hindi natin kayang sundin, at maniniwala tayo sa paglikha ng lahat ng bagay mula sa wala. Maliligtas tayo.

Anong pwede nating gawin para magkaroon ng espirituwal na pananampalataya? Una, dapat tayong makinig sa salita ng Diyos nang maalab. Sinasabi sa Mga Taga-Roma 10:17, "Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo." Para tumanggap ng espirituwal na pananampalataya, dapat tayong makinig ng Salita ng Diyos. Kung hindi natin papakinggan ang Salita ng Diyos, hindi natin malalaman ang katotohanan ni magkakaroon ng pananampalataya. Masigasig dapat tayong magsimba, makinig sa mga mensahe na inihahatid sa mga pagsamba, makinig sa mga patotoo at mga pag-aaral sa mga pagpupulong na tumutulong sa atin na magpalago ng ating pananampalataya.

Kahit mayroon tayong ganitong klaseng kaalaman at pananampalataya, hindi naman nangangahulugang perpekto na tayo sa pagwawaksi ng mga kasalanan at pagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Dapat tayong manalangin ng masigasig at itapon ang mga kasalanan, mga kasinungalingan, sa tulong ng Banal na Espiritu, kumilos tayo ayon sa Salita. Kung gagawin natin ito, magkakaroon tayo ng espirituwal na pananampalataya. Sinasabi ng Santiago 2:22, "Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kanyang mga gawa, at ang pananampalataya ay naging ganap sa pamamagitan ng mga gawa."

### 4. Paano mabubuhay bilang matuwid na tao na kinalulugdan ng Diyos

Sinunod ni Abraham kung ano ang iniutos sa kanya ng Diyos, hindi niya ginamit ang saloobin niya. Sumunod siya nang may espirituwal na pananampalataya at lumakad siya ng may pananampalataya kahit ano pa ang situwasyon. Pag-isipan ninyo sandali kung paano pinamunuan ni Moises ang mga Israelita mula sa Ehipto para tawirin ang Dagat na Pula na nakahadlang sa kanilang Exodo, o si Josue, ang pumalit kay Moises, na namuno sa kanila sa pagtawid sa umaapaw na Jordan at sa pagwasak ng lunsod ng Jerico. Mayroon silang espirituwal na pananampalataya na tumutulong sa kanila para sundin ang utos ng Diyos. Nalugod ang Diyos sa kanila kaya sinagot ang mga panalangin nila.

Maaaring mayroon tayong mga problema na parang Dagat na Pula, o lunsod ng Jerico, o kaya naman umaapaw na ilog Jordan na nakaharang sa harapan natin. Kapag humarap tayo sa ganitong problema, isabuhay natin ang katotohanan, ito ay 'pagsulong ng buhay sa pananampalataya'. Sabihin nating may nanakit sa inyo, Kung makalaman ang pananampalataya ninyo, baka gumanti kayo, at pagkatapos kapootan na ninyo ang taong ito. Pero kung espirituwal ang pananampalataya ninyo, patatawarin ninyo siya, uunawain at mamahalin. Kung magpapakita kayo ng pagkilos ayon sa katotohanan at may espirituwal na pananampalataya, lalayas si Satanas at malulutas ang mga problema.

Ang mga matuwid na nabubuhay sa pananampalataya ay sumusunod sa mga utos ng Diyos at kumikilos sa katotohanan nang may pagmamahal para sa Kanya. Kung mahal natin ang Diyos, hindi ito mahirap gawin. Paano sasabihin ng taong mahal nila ang Diyos pero hindi sumusunod sa Salita Niya, hindi ba't ang pagmamahal sa Kanya ay pagsunod sa mga uto Niya?

Mga kapatid kay Cristo, huwag kayong mag-alala kung nakahadlang sa harapan ninyo ang Dagat na Pula at ang Lunsod ng Jerico. Kung magiging matuwid kayo, tatanggalin ng Diyos ang mga bagay na nagpapahirap sa inyo at lulutasin Niya ang lahat ng mga kahirapan ninyo. Kaya, hinihimok ko kayong maging matuwid at magbigay ng lugod sa Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na gawin nawa ninyo ito para magkaroon kayo ng pinagpalang buhay, hindi lang dito sa mundo, kundi pati sa walang hanggang buhay sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Gaano Kalapit ang Pananampalataya Ninyo sa Bato ng Pananampalataya?

Suriin natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng siyam na klase ng masasamang ugali na dapat nating iwaksi para makatayo tayo sa bato ng pananampalataya. Gumamit tayo ng ilang karaniwang pangyayari.

## Siyam na klase ng ugali na dapat nating iwaksi para makatayo sa bato ng pananampalataya

### Galit

Nauubos ba ang pasensya ninyo? Lumalabas ba ang pagkainis ninyo, kahit kaunti, kapag nagsasalita kayo? Nagpapakita ba kayo ng sama ng loob kapag nakikipag-usap kayo sa ibang tao? Kapag hindi na kayo magagalitin, nakatayo na kayo sa bato ng pananampalataya.

### Sama ng Loob

Sumasama ba ang loob ninyo kung sinisisi kayo o pinagsasabihan dahil sa isang bagay? Kung hindi kayo tinatrato tulad ng inaasahan, hindi binabayaran ang pagsisikap, hindi kinikilala, hindi nauunawaan o natatalo, negatibo ba ang epekto nito sa inyo? Nagdadala ba ng malaking kalungkutan sa inyo ang mga situwasyong tulad nito? Kung pinanghihinaan kayo ng loob, at walang lakas para manalangin at tuparin ang tungkulin, mayroon kayong sama ng loob.

### Galit, Selos, Inggit

Anong pakiramdam ninyo kapag minamahal, kinikilala at pinupuri ang ibang tao nang higit kaysa sa inyo? Kung nagagalak kayo sa katotohanan, malapit kayo sa kaloobang espirituwal. Sa pagsusuri ng pakiramdam ninyo, makikita ninyo kung gaano na ang pagiging espirituwal ng kalooban ninyo.

### Sinungaling at Madayang Puso

Kung nandadaya kayo, o nagsisinungaling, gumagawa ng hindi totoong balita, gumagawa ng kwento para purihin, pinagtatakpan ang mga bagay na hindi maganda tungkol sa inyo, sinugaling at madaya ang puso ninyo. Kung ginagawa ito ng isang tao para makinabang, iniisip niyang kaya niyang dayain ang Diyos!

### Panghuhusga

Nanghuhusga ang karamihan ayon sa panlabas na anyo ng isang tao o sa sarili nilang pamantayan. Gayon pa man, huwag tayong maging malupit sa paghusga dahil ang bawat isa ay mayroong sariling pinagdadaanan at layunin sa kanyang mga ginagawa. Ang Diyos lang ang sumisiyasat at nakakaalam ng kalooban ng bawat isa.

### Pabagobago

Suriin ninyo kung madalas kayong magpalit ng desisyon o plano, o kung hindi kayo tumutupad ng pangako sa sarili ninyo, sa ibang tao, at pati sa Diyos.

### Pangangalunya

Dapat ninyong lubos na iwaksi ang pagnanasa ng puso o mga saloobin ng pangangalunya. Huwag kayong mangalunya.
Tandaan ninyo na ang nangangalunyang isipan ay pinanggagalingan ng tukso na ginagamit ni Satanas para dalhin ang mga tao sa kamatayan.

### Kasakiman, Makasariling Motibo, Mapag-imbot

Kung ang kalooban ninyo ay sakim at mapag-imbot, nagseselos kayo sa mga bagay na pag-aari ng iba, sa kasikatan, kapangyarihan, at sa panlabas na anyo nila. Tinutukoy na makasariling motibo ang kaloobang naghahanap ng pansariling pakinabang at pang personal na hangarin. Nagdadala ito ng iba't ibang klaseng karumihan. Kadalasan, may kinalaman ito sa pera. Ang kayamanang nanggagaling sa ganitong klaseng kalooban ay nagiging dahilan para maghangad pa kayo ng mas maraming pera at malalaswang bagay sa mundo. Ilalayo kayo nito sa Diyos (Santiago 1:15).

### Pagtataksil

Ang pagtataksil ay may kinalaman sa pabagobagong isipan, katusuhan, paghahanap ng sariling pakinabang, pagsisinungaling, at kayabangan. Kung magsasama-sama ang mga ugaling ito, nauuwi ito sa pagtataksil. Kabilang sa pagtataksil ang pagkalimot sa pagpapalang tinanggap, pagtalikod sa mga kasamahan o grupo para sa sariling pakinabang, at pagsira sa inaasahan ng ibang tao sa inyo sa pamamagitan ng hindi pagtupad sa ipinangako ninyo sa kanila.

## Bakit hindi pa sila nakatayo sa bato ng pananampalataya?

### Unang dahilan – Hindi hinahangad ang mga bagay na espirituwal

Kampante siya, "Balang araw, magbabago din ako." pero walang pagbabagong nangyayari kahit lumipas na ang mahabang panahon. Dapat siyang magkaroon na malab na paghahangad para sa espiritu, magbago, at maging ganado para makapasok sa Bagong Jerusalem. Dapat niyang matanto na ang pagsunod sa pastol ang pinakamahalagang paraan para maging espirituwal.

### Pangalawang dahilan – May makalaman na saloobin dahil sa kasakiman

Ang kasakiman ay pinagmumulan ng makalaman na saloobin na nagiging dahilan para hanapin ng isang tao ang pansariling pakinabang. Sa parehong paraan, kung may mga natitirang masasamang ugali sa atin, nagiging dahilan ito para magkaroon tayo ng mga saloobin na masama. Baka ni hindi natin naiisip na makalaman ang mga ito, sinasabing, "Wala yan. Okay lang yan!" o kaya, sinasabing, "Ginagawa ko ito para sa kaharian ng Diyos".

### Pangatlong dahilan – Hindi mapalagay ang kalooban at pananalita

Kapag may nakita siyang isang taong kakaiba ang kilos, hindi niya inuunawa ng may kabutihan. Hindi niya hinahanap ang mabubuting katangian ng taong iyon. Hindi siya mapalagay sa taong iyon. Ang isang taong madalas hindi mapalagay ay masakit magsalita, madalas silang mansisi ng tao o ng mga pangyayari. Ang ugaling ito ay nagmumula sa makalamang pagmamalinis o mga makasariling ideya.

### Pang-apat na dahilan – Isang taong mayabang

Hindi ginagamit ng taong ito ang Salita ng Diyos para suriin ang sarili niya. Mayabang kasi siya at iniisip niya, "Mabuting tao ako. Mahal ko ang Diyos at ang pastol." Malamang, nakakulong siya sa sarili niyang pagmamabuti. Pumipigil sa kanya ang kayabangan para suriin ang sarili at tanggapin ang mga payo at pagpapaalala ng ibang tao.

### Panlimang dahilan – Isang taong may makasariling ideya

Nakakasakit ng damdamin at nakikipag-away ang isang taong may makasariling ideya. Hindi siya mabuting katrabaho dahil makasarili ang mga ideya niya. Gayon pa man, akala niya, tapat siya sa pagtatrabaho, at nagboboluntaryo pa. Maaaring sinasabi niya na mahal niya ang Diyos, ang Panginoon, at ang pastol, pero makalaman ang pag-ibig niya sa halip na espirituwal. Ang makalaman na pagmamahal ay umaasa sa pagmamahal ng iba, nagiging dahilan ito ng negatibong pakiramdam.

# "Pagkatapos itapon ang mga diyus-diyosan, gumaling ako at naging malusog!"

Kap. Miyako Shimodaira, 76 taong gulang, Iida Manmin Church, Japan



Nakadalo ako sa pagsamba ng Iida manmin Church dahil sa paanyaya ng isang kakilala, pero hindi ako nagrehistro. Gayon pa man, unti-unting nagbukas ang damdamin ko sa tuwing bumibisita sa tahanan ko ang mga miyembro ng iglesya. Noong Enero 2013, binisita ako ni Pastor Eunkyung Ryu. Ibinahagi niya sa akin ang tungkol kay Jesu-Cristo, Langit, at Impiyerno. Nagkaroon ako ng pananampalataya dahil sa mga ibinahagi niya, gusto ko nang dumalo sa iglesya. Kaya magmula noon, dumadalo na ako bawat linggo.

Isang araw, nagkaroon ng pagsamba ang pamilya ko kasama si Pastor Seungkil Ryu. Dahil sa tulong niya, nalaman ko ang tungkol sa pagsamba sa diyus-diyosan. Pangkaraniwan na ang makakita ng mga altar o Kamidana (maliliit na altar) sa loob ng mga bahay sa Japan. Nakadekorasyon ang mga altar at iba pang mga diyus-diyosan sa mga bahay, napopoot ang Diyos dito. Dahil dito ako lumaki, nasanay akong sumasamba sa diyus-diyosan. Hindi ko batid na napakalaking kasalanan pala nito sa paningin ng Diyos. Nang malaman kong napopoot ang Diyos dito, tinapon kong lahat ang mga ito, mga altar ng mga ninuno, Kamidana, ginintuang dragon, at maneki-neko (pampaswerte ng mga Hapon), at iba pa.

Pagkatapos, nagsimulang magbigay ang Diyos ng maraming biyaya sa espiritu at katawan ko. Higit sa lahat, nagagawa ko na ngayong sumamba sa Diyos sa espiritu at katotohanan sa mga pagsamba. Nananalangin ako araw-araw sa pagpapala ng Diyos. Natiyak kong ligtas ako habang binabasa ang libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Mensahe ng Krus*. Natanto ko kung gaano kahalaga ang paglilinis ng puso. Magmula ng magbigay ako ng ikapu mula sa kinikita ko, naging masagana ang ani ng lupain ko.

Higit pa riyan, gumaling ang mga karamdaman ko at naging malusog ako. Pagkatapos kong tanggapin ang panalanging may panyo mula kay Pastor Sengkil Ryu, gumaling ang mataas na presyon ng dugo ko at anemia, mahigit na sa pitong taon ang paghihirap ko sa mga ito. Pagkatapos kong uminom ng Muan Sweet Water, gumaling din ang reflux gastritis ko, dalawang taon kong pinagdusahan ito (Ang Muan Sweet Water ay ang dating tubig-alat na naiinom na ngayon. Nanggagaling ito sa dagat na nasa harapan ng Muan Manmin Church sa Muan, probinsya ng Jeonam. Idinalangin ito ni Dr. Jaerock Lee).

Masayang-masaya din ako dahil gumaling din ang epekto ng 'frostbite' na nagdulot ng sakit sa mga daliri ko sa paa sa loob 16 na taon. Dumurugo ang mga ito tuwing taglamig kaya hindi ako makalakad. Binabalutan ko ito ng benda kaya mas malaki ang sukat ng medyas at sapatos na ginagamit ko, mas mahirap tuloy lumakad. Pero pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee mula sa pulpito para sa mga maysakit at paglagay ng Muan Sweet Water sa mga daliri ko sa paa, nawala na ang lahat ng sakit. Hallelujah!

Sa pinakahuling pagpapasuri ko, nakitang ang paningin ko sa kanang mata ay naibalik. Dati ito ay 0.6 dahil sa epekto ng operasyon sa katarata, pero naibalik sa 1.5. Ito ay dahil Muan Sweet Water ang ipinapahid ko sa halip na gamot. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagturo sa akin kung gaano Siya napopoot sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at dahil biniyayaan Niya ako ng mabuting kalusugan kahit matanda na ako.

# "Gumaling ang bali sa hinlalaki at ang napinsalang 'growth plate' ng anak ko"

Diakonesa Eunjung Ham, 35 taong gulang, 3-32 Parish, South Korea



Noong Mayo 19, 2014, umuwi ang anak kong si Seongkyul na namamaga ang kanang kamay. Akala ko hindi gaano ang pinsala nito dahil naiigalaw pa niya ang mga daliri niya. Pinapakinig ko sa kanya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga may sakit na naka-record sa Automated Response System.

Nawala ang nararamdaman niyang pananakit at ang pamamaga habang tumatagal. Hindi na ako nag-alala at hindi na rin nagdusa ang anak ko, tutal naman, kaliwete siya.

Pero iminungkahi ng asawa kong si Diakono Minwoo Ko na isang physical therapist, na magpa x-ray si Seongkyul ng hinlalaki dahil parang hindi ito normal. Noong Mayo 31, nagpunta kami sa ospital. Sinabi ng doktor na bali ang buto niya sa hinlalaki at nasira ang growth plate dito. Nilagyan niya ng cast ang hinlalaki ng anak ko at iminungkahing magpunta kami sa mas malaking ospital.

Noong Hunyo 3, nagpunta kami sa ospital na dalubhasa sa mga bali ng buto. Tulad ng inaasahan, nakita sa x-ray ang mga sinabing problema. Pangkaraniwan na daw itong nangyayari ayon sa doktor pero ngayon lang nagkaroon na kasong ganito sa isang bata.

Sinabi pa niya na malamang kailangang lagyan ng pin ang nabaling hinlalaki. Pinapunta niya kami sa isa pang ospital, gumawa siya ng sulat tungkol sa pagsusuring ginawa niya. Sinabi ni Pastor Miyoung Lee, ang pinakamataas na pastor sa iglesya namin, na ito ay magandang pagkakataon para magbalik-tanaw sa buhay namin bilang mga Cristiano. Sinunod namin ang sinabi niya, nag-ayuno at nagsisi kami, nadama namin ang pag-ibig ng Diyos. Pinagsisihan ko ang mabigat na kalooban ko sa paggawa ng tungkulin bilang lider ng maliit na grupo, pinagsisihan ng asawa ko ang hindi niya pagpapalaki kay Seongkyul sa katotohanan, at pinagsisihan ni Seongkyul ang hindi niya pagsamba sa espiritu at katotohanan. Nagsisi siya sa pakikipag-away niya sa mga kaibigan niya.

Noong Hunyo 5, tinanggap namin ng anak ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit sa pamamagitan ng ARS, pagkatapos, pumunta kami sa ospital para sa mga bata. Dahil batid ko na gusto ng Diyos na ibigay sa atin ang lahat ng mabubuting bagay, nakaramdam ako ng kapayapaan sa puso ko, at natiyak ko na gagaling ang anak ko. Dahil nagtiwala ako, nakita sa x-ray na gumaling na ang bali sa hinlalaki niya at naging normal na ang growth plate. Nakakamangha na wala pang dalawang araw ang paggaling niya at pagbalik sa normal, Hallelujah!



Bago ipanalangin: buto sa hinlalaki at growth plate na may bali



Pagkatapos ipanalangin: bumalik na sa dati ang mga buto

Kinabukasan, bago ang magdamag na pagsamba tuwing Biyernes, personal na tinanggap ng anak ko ang panalangin ni Dr. Lee. Naigalaw na niya ng maayos ang hinlalaki niya, parang hindi nabali. Nagsilbi ang pangyayaring ito na mabuting pagkakataon para sa pamilya namin na maranasan ang pag-ibig ng Diyos at lumago ang pananampalataya namin. Nagpapasalamat at niluluwalhati namin ang Diyos.




## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714